

NE 130th St & NE 125th St Proyekto sa Pagkilos at Kaligtasan

2024



Ang mga pagpapabuti sa paglalakad, pagbibisikleta, at pagbibiyaha na darating sa inyong kapitbahayan!

Mayroon kaming pagkakataong pagbutihin ang mga koneksyon sa pagitan ng Haller Lake at Lake City habang naghahanda kami para sa bagong istasyon ng light rail sa NE 130th St malapit sa I-5. Nagpapalano kami ng mga pagpapabuti sa NE 130th St, Roosevelt Way NE, at NE 125th St na magpapabuti sa kaligtasan at pag-access para sa lahat.

Ang sumusunod na mga pagbabago ay ang aming minumungkahi:

- Ang mga daanan ng bisikleta ay protektado ng mga konkretong kurbada para gawing mas ligtas ang pagbibisikleta
- Bago at pinahusay na mga paradahan ng bus, mga daanan para sa bus lamang, at mga pagbabago sa senyales upang bigyan ng daan ang mga bus
- Mas ligtas na disenyo ng kalye at interseksyon upang maiwasan ang malubha at nakamamatay na mga aksidente
- Mas ligtas na mga tawiran sa kalye na may mga bagong signal para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, at gumugulong, at mga na-pabuting signal na nagpapahintulot sa mga tao na maglakad o gumulong bago ang mga kotse at trak
- Pag-aayos ng bangketa at mga bagong rampa sa kurbada sa ilang mga lugar
- Mga paliko sa kanan lamang mula sa 3rd Ave NE papuntang NE 130th St para gawing mas ligtas ang interseksyon at mabawasan ang mga salungatan sa pagitan ng mga taong nagmamaneho at mga taong naglalakad, nagbibisikleta, at gumugulong
- Pagdaragdag ng rotonda upang mapabuti ang kaligtasan at daloy ng trapiko sa Roosevelt Way NE at 10th Ave NE

I-scan ang QR code upang mabisita ang aming website. Maaari ninyong matutunan ang tungkol sa proyekto at mag-sign up para sa mga update sa proyekto.



Maging kabahagi!

- Sumali sa isang kaganapang pop up sa kapitbahayan
- Sumali sa isang pagpupulong sa komunidad
- Kilalanin ang aming pangkat sa oras ng aming pagbisita sa kapitbahayan

Makipag-ugnayan sa Proyekto kay:

Drue Nyenhuis

NE130thSt_NE125thSt_Project@seattle.gov

(206) 400-7515

www.seattle.gov/transportation/NE130thMobilityProject



Seattle
Department of
Transportation



King County
METRO

Palatakdang oras ng Proyekto

Pagpaplano		Disenyo					Konstruksyon		
(Mga) Pangunahing Plano	Pagbubuo ng Proyekto	10%	30%	60%	90%	100%	Bago Mag-konstruksyon	Sa panahon ng	Pagtatapos

Kami ay nandito

- **Pagpaplano (2023):** Nagdisenyo kami ng mga pagpapabuti sa kaligtasan at sa pag-access na may input mula sa komunidad.
- **Disenyo (2023-2025):** Lumikha at magbahagi ng mga panukala sa disenyo para sa mga naibalik na puna ng komunidad.
- **Konstruksyon (2025-2026*):** Ibabahagi namin ang mga iskedyul ng konstruksyon, aktibidad, at mga epekto
- **Magsisimula ang serbisyo ng light rail (2026):** Bisitahin ang website ng Sound Transit para sa kasalukuyang impormasyon sa NE 130th St Infill Station.

*Maaaring magbago ang mga palatakdang oras ng konstruksyon. Nakadepende ito kung kailan handa na ang mga manggagawa at mga materyales.



Ang light rail ay malapit nang dumating sa NE 130th at I-5 (photo credit: SDOT)

Makipag-ugnayan sa Proyekto kay:

Drue Nyenhuis

NE130thSt_NE125thSt_Project@seattle.gov

(206) 400-7515

www.seattle.gov/transportation/NE130thMobilityProject



Seattle
Department of
Transportation



King County
METRO